

MGA PROGRAMA, REBATE, at INCENTIBO



San Francisco
Water Power Sewer
Services of the San Francisco Public Utilities Commission

I-follow Kami sa
@MySFPUC



MGA RESIDENSIYAL NA KUSTOMER

Nag-aalok ang Komisyon ng mga Pampublikong Utility sa San Francisco (San Francisco Public Utilities Commission, SFPUC) ng mga programa, rebate, at insentibo sa ating mga residente. Matuto pa sa sfpub.org/2023Rates o tumawag sa 415-554-3289.

Makatipid ng tubig sa pamamagitan ng online na pagsubaybay sa paggamit ninyo ng tubig kada oras. Mag-sign up para sa MyAccount ngayon: myaccount-water.sfpuc.org.

Tubig/Sewer

Customer Assistance Program

Posibleng makatanggap ang mga kuwalipikadong kustomer na may mababang kita ng hanggang 25% diskuwento sa kanilang buwanang bill sa tubig at sewer.

Mga Rebate sa Residensyal na Washer ng Damit

Puwedeng maging kuwalipikado ang mga kustomer na makatanggap ng \$100 na rebate para sa pagbili at pag-install ng isang pre-approved na high-efficiency na washer ng damit.

Libreng Water-Wise na Pagsusuri

Susuriin ng isang specialist ang paggamit ninyo ng tubig at tutukuyin ang magagastos na pagtulo at hindi mabisang gamit para tulungan kang makatipid ng tubig.

Mga Libreng Device na Nakakatipid ng Tubig

Puwedeng makatanggap ang mga residensyal na kustomer ng mga libreng device na nakakatipid ng tubig, gaya ng mga showerhead at aerator ng gripo sa pamamagitan ng paglahok sa isang Water-Wise na Pagsusuri o pagkuha ng mga device sa aming Customer Service Center na may patunay ng tirahan.

Programang Pagpapalit ng Plumbing Fixture

Puwedeng maging kuwalipikado ang mga residensyal na kustomer na may mga lumang kubeta na gumagamit ng higit 3.5 galon kada flush para libreng palitan ito ng mga kubeta na matipid sa tubig.

Graywater

Nagbibigay kami ng mga rebate at mga ideya ng disenyo at workshop para tulungan kayong i-recycle ang tubig mula sa inyong shower o washer ng damit para gamitin sa inyong landscape o hardin.

Programang Paggamit ng Tubig-ulan

Puwedeng makatanggap ang mga kuwalipikadong kustomer ng rebate na hanggang \$100 para sa bawat barrel ng ulan na binili at na-install (maximum na 2) o hanggang \$350 para sa pagbili at pag-install ng isang cistern.

Programang Grant na Tulong para sa Pangangasiwa ng Tubig-baha (Grant para sa Tubig-baha)

Magbibigay ng reimbursement ang Grant para sa Tubig-baha na hanggang \$100,000 sa kada kuwalipikadong ari-arian para kumpletuhin ang mga proyekto na bawasan ang panganib ng pagkasira mula sa pagbaha: pag-install ng mga backwater valve, mga pangharang sa baha sa mga pintuan/daanan, mga sump pump, o iba pang pagpapahusay. Available ang mga tulong para sa pinansyal na paghihirap para sa mga kuwalipikadong aplikante na may mababang kita.

Mga Mapagkukunan para sa Hardin at Landscaping

Nagbibigay kami ng mga libre at murang mapagkukunan para tulungan kayong makatipid sa outdoor, kasama ang mga water-wise na konsultasyon, workshop sa paghardin, at rebate sa tubig-ulan at mga sistema ng greywater.

Programang Pagpapalit ng Recirculation Pump ng Mainit na Tubig

Makatanggap ang mga kuwalipikadong kustomer ng \$100 rebate para sa pagbili at pag-install ng recirculation pump ng mainit na tubig, na binabawasan ang tagal ng paghihintay para uminit ang tubig at makatipid ng pera.

Makakalikasang Imprastruktura para sa mga Bahay

Posibleng maging kuwalipikado ang mga may-ari ng bahay sa San Francisco sa limitadong pilot program para makatanggap ng grant na pondo para mag-install ng mga feature ng pamamahala ng tubig-ulan, gaya ng mga rain garden, permeable pavement, at cistern. Puwede ring maging kuwalipikado ang malalaking residensyal na ari-arian na may maramihang pamilya sa Programang Grant para sa Makakalikasang Imprastruktura (*tingnan ang likuran para sa higit pang impormasyon*).

Kuryente

Customer Assistance Program para sa mga Kustomer ng Hetch Hetchy Power

Makatanggap ang mga kuwalipikadong residensyal na kustomer ng hanggang 30% diskuwento sa kanilang buwanang bill sa Hetch Hetchy Power.

GoSolarSF

Puwedeng maging kuwalipikado ang mga may-ari ng bahay sa San Francisco para makatanggap ng libreng solar system sa kanilang bubungan. Kailangang residensyal na kustomer ng CleanPowerSF o Hetch Hetchy Power, nakatira sa isang partikular na sambayanan, at nakakatugon sa ilang kuwalipikasyon sa kita ang mga kuwalipikadong kalahok.

Programang Pagpapalit ng Solar Inverter

Makatanggap ng hanggang \$3,000 para sa pagpapasuri, pagkukumpuni, at pagpapalit ng naka-install na solar inverter bilang bahagi ng isang GoSolarSF system na insentibo para sa pagkakaroon ng mababang kita. Kailangang kustomer ng CleanPowerSF at nakatala sa mga programang diskuwento na CARE o FERA ang mga kuwalipikadong kalahok.

Rebate para sa Water Heater ng Heat Pump

Nakipag-partner ang SFPUC sa Bay Area Regional Energy Network para bigyan ng pondo ang mga kuwalipikadong propesyonal ng industriya para bawasan ang mga gastos sa pag-install ng mga high-efficiency na water heater ng heat pump para sa mga kustomer ng CleanPowerSF. Siguraduhing nakikipagtulungan ka sa isang installer na naka-enroll sa programa.

sfpub.org/2023Rates

MGA PROGRAMA, REBATE, at INCENTIBO



San Francisco
Water Power Sewer
Services of the San Francisco Public Utilities Commission

I-follow Kami sa
@MySFPUC



MGA KOMERSYAL NA KUSTOMER

Nag-aalok ang Komisyon ng mga Pamublikong Utility sa San Francisco (San Francisco Public Utilities Commission, SFPUC) ng mga programa, rebate, at insentibo sa ating mga residente. Matuto pa sa sfpubc.org/2023Rates o tumawag sa 415-554-3289.

Makatipid ng tubig sa pamamagitan ng online na pagsubaybay sa paggamit ninyo ng tubig kada oras. Mag-sign up para sa MyAccount ngayon: myaccount-water.sfpuc.org.

Tubig/Sewer

Rebate sa Komersyal na High-Energy Washer

Puwedeng maging kuwalipikado ang mga kustomer na makatanggap ng \$500 na rebate para sa pagpapalit ng commercial-grade na washer ng damit.

Libreng Water-Wise na Pagsusuri

Susuriin ng isang specialist ang paggamit ninyo ng tubig at tutukuyin ang magagastos na pagtulo at hindi mabisang gamit para tulungan kang makatipid ng tubig. Posibleng kasama sa mga personal na pagsusuri ang mga libreng device na nakakatipid ng tubig.

Mga Rebate para sa Equipment na Water Efficient

Nagbibigay ang programang ito ng mga rebate sa mga hindi residensyal na kustomer ng tubig na lubhang nakakabawas sa kanilang paggamit ng naiinom na tubig sa pamamagitan ng pag-upgrade o pagpapalit ng kasalukuyang onsite na indoor na tubig gamit ang isang equipment.

Mga Programa ng Tulong para sa Malaking Landscape

Puwedeng makinabang mula sa aming mga pagsusuri ng irigasyon ang mga kustomer na may malalaking naka-landscape na lugar. Nagbibigay kami ng mga grant para sa mga pagpapahusay na makakatipid ng tubig sa mga site ng mahigit sa 10,000 square feet ng may irigasyong landscape, at mga grant para sa irigasyon sa mga hardin ng komunidad.

Programang Paggamit ng Tubig-ulan

Puwedeng makatanggap ang mga kuwalipikadong kustomer ng rebate na hanggang \$100 para sa bawat barrel ng ulan na binili at na-install (maximum na 2) o hanggang \$350 para sa pagbili at pag-install ng isang cistern.

Programang Grant na Tulong para sa Pangangasiwa ng Tubig-baha (Grant para sa Tubig-baha)

Magbibigay ng reimbursement ang Grant para sa Tubig-baha na hanggang \$100,000 sa kada kuwalipikadong ari-arian para kumpletuhin ang mga proyekto na bawasan ang panganib ng pagkasira mula sa pagbaha: pag-install ng mga backwater valve, mga pangharang sa baha sa mga pintuan/daanan, mga sump pump, o iba pang pagpapahusay. Available ang mga tulong para sa pinansyal na paghihirap para sa mga kuwalipikadong aplikante na may mababang kita.

Mga Grant sa Pagprotektang Urban Watershed

Sa pakikipagtulungan sa Programang Grant para sa Suliranin ng Komunidad ng Lungsod, nagbibigay ang SFPUC ng mga grant para sa mga proyektong nakabatay sa komunidad na tumutulong na pamahalaan ang tubig-ulan gamit ang makakalikasang imprastruktura. Puwedeng makatanggap ang mga kuwalipikadong pamublikong proyekto ng \$15,000 hanggang \$150,000 para makakolekta ng tubig-ulan, alisin ang mga lugar na hindi natatagusan ng tubig at palitan ang mga katutubong halaman, at magpatupad ng mga teknolohiya ng makakalikasang imprastruktura gaya ng permeable pavement at mga rain garden.

Programang Grant para sa Makakalikasang Imprastruktura

Mapupunan ng grant na ito, para sa malalaking pamubliko at pribadong may-ari ng ari-arian, ang mga gastos sa disenyo at konstruksyon ng isang inapubahang feature sa pamamahala ng tubig-ulan, gaya ng mga rain garden, permeable pavement, cistern, at bubong na natataniman ng halaman. Ang maximum na grant award ay \$930,000 kada acre ng pinamamahalaang lupa na natatagusan ng tubig, hanggang sa \$2 milyong pondo.

Ordinansa sa Taba, Langis, at Grasa:

Pinababang Bill sa Sewer

Kailangang mag-install ng equipment na kumokolekta ng grasa ang mga establisimento ng serbisyo ng pagkain. Nagbibigay ang SFPUC ng insentibo na bawas sa kanilang bill sa sewer kung may sariling account sa tubig at nag-install at nagpanatili ng espesyal na equipment sa pagkolekta ng grasa ang establisimento ng serbisyo ng pagkain.

Kuryente

Singil para sa De-kuryenteng Sasakya sa SF

Puwedeng makatanggap ang mga kustomer ng Hetch Hetchy Power ng mga pinansyal na insentibo at teknikal na suporta para magdagdag ng mga charger ng de-kuryenteng sasakyan at mga kaugnay na imprastruktura sa bago o bagong tayong gusali

Mga Insentibo para sa Energy Efficiency

Puwedeng makatanggap ang mga komersyal, industriyal, o pangbayang kustomer ng Hetch Hetchy Power at CleanPowerSF ng mga pinansyal na insentibo at teknikal na suporta para bawasan ang enerhiya sa mga bago o kasalukuyang gusali.

Mga Insentibo para sa Pagtitipid ng Enerhiya

Pinansyal na ginagantimpalaan ang mga komersyal na kustomer ng CleanPowerSF para sa pagbawas ng kanilang paggamit ng kuryente sa ilang partikular na araw ng taon, na nakakatipid ng pera para sa kanilang mga negosyo, at tinutulungang gawing maaasahan para sa lahat ang supply ng enerhiya ng California.

sfpubc.org/2023Rates